

The Gorgeous Princess Met The Hottie Prince

By KrixZeroEight



Copyright © 2012 by KrixZeroEight's Stories

Description:

👉♥👈 #3 Side Story of My Double Prince, The Gorgeous Princess Met The Hottie Prince [One Shot!]. 'Story of Claire'. -- KrixZeroEight 👉♥👈

...Prologue...

(Hindi ito actually prologue, mas tamang sabihin na maikasing pasilip! hahaha ☺)

Ang storya ng buhay pag-ibig ni Claire ang magpapatunay sa isang kasabihan na,

“Serious relationship is not something anyone should be actively looking for.. Because sometimes...

...the best relationships happen by accident”

Comfort ✓ Security ✓ Happiness ✓ and **LOVE** ✓

Yan ang binigay saakin ng isang taong hindi ko kilala sa loob ng **isang araw**.

--Claire (The Gorgeous Princess Signing In)

Author's Note:

Sabi ko naman po di ba na manggagawa pa rin ako ng story at hindi ako titigil pero katulad din po ng sinabi ko na ONE-SHOT lang po muna ang mga magagawa ko ngayon. Please understand naman po.

Ito po ay ang story ni Claire, sa mga MDP readers at etc. siguro naman po ay kilala niyo na siya. Hindi ko na po nilagyan ng prologue kasi nga maiksi lang naman to! Baka nga po mga 10 minutes lang to eh, hahaha ☺

--KrixZeroEight Signing In!

The One Day.

(Sa mga nagbasa ng 'The Boyish Princess Met The Bubbly Prince, ang araw na ito ay yung araw na umalis si Claire nang makita sina Chad, Ciro at si CHIRON sa cafeteria at sinabi niyang may report siya sa History! Refer to Chapter 7)

>Claire's POV<

*sob**sob*

“hick.. hick..”

*sob**sob*

Ito na naman ako, nagpapakatanga dahil sa isang tao na hindi naman ako kailanman pinahalagahan.

*sob**sob*

Bakit ba hindi ko mapigilan ang pagtulo ng mga traydor kong luha.

Hindi ko alam kung nasan ako ngayon, tumatakbo ako at ang alam ko gusto kong lumayo ng malayong-malayo yung tipong hindi ko na siya makikita. Nakalabas na rin ako ng campus naming.

Napaupo na lang ako bigla nang maramdaman ko ang pagod ko pero patuloy pa ring natulo ang mga maiinit kong luha.

Hindi ko pa rin alam kung nasan ako, pero sa tingin ko nasa open area ako na parang field.

Umiwas na naman ako sa kanya, hanggang kailan ko siya maiiwasan.

Pero hindi ko mapigilang masaktan tuwing makikita ko siya.

Wala pa ring nakakaalam nang totoong nangyari samin ni Chiron, kahit sina Chloe at Kyle hindi nila alam na matagal na kaming BREAK ni Chiron.

Hindi ko makakayanang ipagpatuloy ang relasyon namin lalo pa't alam ko na ang totoo.

>FlashBack<

*Ring**Ring*

*Ring**Ring*

The number you have dialed is either ---

Chiron, answer it!

Isang lingo na rin nang huli mo kong makausap at nang huli tayong magkita and to think na sa isang school lang tayo napasok.

*Ring**Ring*

*Ring**Ring*

The number you have dialed is either ---

Lagi mo kong tine-text na busy ka sa practice niyo o may kailangan kang puntahan.

Pero bakit hindi mo man lang ako mabigyan ng kahit konting panahon na makasama ka.

Ako na ang selfish pero selfish lang ako pagdating sa'yo. ^^.

“Hindi ka pa rin ba sinasagot ni Chiron?”, tanong ni Chloe.

Nasa room kami ngayon dahil breaktime kami.

Kanina ko pa tinatawagan si Chi pero hindi niya laging sinasagot, baka naka-silent ang phone niya.

“I-text niyo ko kapag dumating na si mam ha?”, sabi ko sabay kuha ng shoulder bag ko.

“Bakit? Uy! San ka pupunta?”

Bigla akong tumakbo palabas ng room at hindi ko na pinatapos ang sinasabi ni Chloe.

Tinakbo ko ang taas ng floor ng building papunta sa room ni Chi.

Break time din naman nila kaya siguro wala siyang ginagawa ngayon.

Kahit makausap ko lang siya ng saglit, ayos na ko.

Ilang minuto pa ay nasa tapat na ko ng room nina Chi.

Sinilip ko na muna ang window glass ng pinto nila.

Andoon nga siya at may tatlo siyang kausap na lalaki pero hindi sina Ciro at Chad, sila lang 4 ang tao sa room nila, nakaupo siya sa desk ng upuan niya pero nakatalikod saakin.

Looking hot as ever.

Nilabas ko na muna yung powder kit ko at tumingin sa salamin.

Nag-lip gloss ako at saka nag-flip ng hair ko.

Ayos na!

Kakatok na sana ako sa pinto ng room nila nang marinig ko ang pinag-uusapan nila.

“Kumusta na nga pala kayo nung 2nd year na kasama mo ngayon?”, tanong ni guy 1 na nasa right ni Chi sa kanya.

“Oo nga! Ilang taon na kayo, wow! Ang tagal niyo na di ba? Ang akala ko hindi ka na magbabago pagdating sa babae, akalain mo ba namang magiging stick-to-one ka rin pala?”, guy 2

Nag-appear si guy 1 at guy 2.

Mukha namang napaisip si Chi.

“One and half year na rin pala”, sagot ni Chi.

Napangiti naman ako dahil alam niya kung ilang taon na kaming magkasama

“Ganon na katagal Dre?! Wow! Iba ka, seryoso ka na ba diyan?”, guy 2.

“Seryoso? Yan? Eh nakita ko nga yan nung linggo na may kasamang ibang babae eh, at hindi lang yun mga Dre! Naghahalikan sila sa tapat ng park at may nakakita rin diyang lumabas ng isang hotel kasama nung usap-usapang 3rd year na chicks!”, guy 3.

Napatigil ako nang marinig ko ang sinabi ni guy 3 sa kanila.

Linggo?! Yun yung araw na sinabi niyang may practice sila ng basketball.

Kaya imposibleng mangyari yun! Tama! Tama! Imposible yun.

Claire, bat ka ba nagpapadala sa usapan nila! Joke lang naman yun eh!

Tama, joke lang y---

“Pinilit niya kong halikan ko siya, at i-prove ko daw sa kanya na mahal ko siya kaya dinala ko rin siya sa hotel”

It’s a joke right!? He’s not the one who said that.

I know him. I know him, hindi niya kayang sabihin ang bagay nay un.

Hindi siya ang nagsabi nun!

Baka mali lang yung pakinig ko!

Hindi niya kayang magsalita ng ganon dahil mahal niya ko, tama! Sabi niya saking mahal niya ko. Kaya ang kailangan ko lang gawin ay magtiwala ako sa sinabi niya!

“So, paano na yung 2nd year mo?”, tanong ni Guy 2.

“Dre akin na lang siya kapag ayaw mo na! Chicks din yun eh”, Guy 3.

Chi! Ano bang ginagawa mo, bakit hinahayaan mo lang silang magsalita ng ganon tungkol sakin.

Hindi mo ba ko ipagtatangol?

Nangingilid na yung luha ko.

Chi naman! Magsalita ka!

“Ayoko! Hindi pwede!”, sagot ni Chi.

Napa-ingay naman ang hiyawan nila nang sabihin yun ni Chi.

Chi, sabi ko na nga ba hindi mo ko hahayaang bastusin ng mga kung sinu-sino lang.

“—Hindi pwede hanggang hindi ko pa rin sa kanya napaparamdam ang pagmamahal ko”, si Chi.

“Pagmamahal saan?! Sa kama?!”, guy 3.’

Nag-appear naman silang 4 at nagtawanan.

Parang nawala lahat ng lakas ko nang marinig ko ang sinabi niya.

Ang mga nangingilid kong luha ay patuloy nang tumulo sa pisngi ko.

“Yun! Sabi ko na nga ba at may kasunod pa yung sasabihin mo eh”, Guy 1.

“Bakit naman ayaw mo sa kanya?”, Guy 3.

“Hindi naman sa ayaw, pero mas gusto ko lang talaga si Chloe”, Chi.

“Chloe? Yung kaibigan niya”, Guy 2.

“Ang tindi mod bro!” Guy 1.

“Iba ang karisma mo! Nakaka-inlove hahaha” Guy 3.

Ayoko na! Ayoko nang making pa ang kahit anong pinag-uusapan nila.

Gusto ko nang lumayo nang malayong-malayo.

Yun pala ang dahilan, may iba siyang kasama nitong nakaraang linggo kaya wala siyang oras kahit makita man lang ako. Bakit kailangang magsabi pa siya ng kasinungalingan sakin.

Akala ko, akala ko kilala ko na siya.

Akala ko kilala ko na ang isang Chiron sa loob ng halos **dalawang taon**.

Hindi pa pala! Hindi pa!

At bakiit pati si Chloe kailangan niyang idamay sa letseng pagnanasa niya!!

He's disgusting! He really is!!

And...

...I'm pathetic na mahalina ko ang isang katulad niya.

Tatakbo na ako nang may mabangga ako.

"S-sorry!", nagtungo ako habang pinupunasan ko ang mha luha ko na hindi ko mapigilan sa pagbagsak.

"Claire?! Bakit ka naiyak? Anong nangyari?! Is there something wrong?", napatingin ako sa nakabungo ko at si Chad pala.

Tumakbo ako bigla, ayokong may makakita sakin na naiyak ako.

Ayokong may makakita sakin na mahina ako.

Ayoko! Ayoko!

"CLAIRE?!" sigaw ni Chad.

Bakit kailangan pa niyang isigaw, siguradong malalaman ni Chiron na nandoon ako at narinig ko lahat.

Ayoko! Ayokong maging mahina.

The next day akala ko makikipagkita sakin si Chiron at mag-explain pero walang kahit anong salita akong natanggap sa kanya.

Umiiwas na lang ako tuwing makikita ko siya pero isang bagay ang hindi mawawala tuwing makikita ko siya, at yun ay ang SAKIT na binigay niya sakin.

Lumipas ang araw, at linggo nang wala akong pinagsasabihan ng kahit anong nararamdaman ko.

Ayokong malaman nila na mahina akong tao.

Kaya ko to! Kaya ko to nang nag-iisa.

>End of FlashBack<

I'm pathetic hindi lang dahil sa minahal ko siya.

...I'm pathetic dahil hanggang ngayon iniiyakan ko pa rin siya.

Na hanggang ngayon nasasaktan pa rin ako.

Na hanggang ngayon hindi ko maipakita sa kahit kanino ang kahinaan ko.

I'm pathe---

Napatigil ang pagtulo ng luha ko at ang pag-iisip ko ng maramdaman kong may lumapit sakin.

Pinunasan ko agad ang luha ko at tumingala ako kasi nakatayo siya sa harapan ko.

Nasilaw ako ng liwanag ng araw.

Kaya napapikit ulit ako.

Naramdaman ko naman na umupo rin siya para maka-level ako kaya magkaharap kami ngayon.

Agad akong napatingin sa kanya.

Lalaki ang nasa harap ko, kung hindi ako nagkakamali ay ngayon ko pa lang siya nakita.

Hindi familiar ang mukha niya.

“Sorry but may I ask your name?”, tanong nung lalaki.

Sino ba to!?

Kung kailan ako nag-e-emote saka pa naman may lalaking lumapit sakin.

“C-Claire”, sinagot ko na rin.

Pangalan lang naman ang hinihingi niya eh.

Hindi ko pa rin siya mapagmasdan ng mabuti dahil Malabo pa ang paningin ko dahil sa luha ko.

Hinanap ko ang panyo ko sa bulsa ng skirt ko pero wala.

Baka nahulog ko habang tumatakbo dito.

Nagulat na lang ako nang biglang punasan ng lalaking nasa harap ko ang pisngi ko.

Napaka-gentle ng pagpupunas niya.

Hindi ko alam pero hinayaan ko siyang patuloy na punasan ang mukha ko.

It's like his gestures are telling me that 'I'm here now, so stop crying'.

Natapos din ang pagpupunas niya sa pisngi ko.

"S-salamat", sabi ko.

Napatingin ulit ako sa kanya.

Mas malinaw na ang paningin ko kasi nawala na ang bakas ng luha sa mata ko.

Mas nakikita ko na rin siya ngayon.

"You're Gorgeous"

My heart suddenly thump when I heard that word from his magnetizing voice.

Ang ganda ng boses niya.

Katulad ng pagpunas niya sa pisngi ko kanina, ganoon din ka-gentle ang pagsasabi niya ng 'your beautiful'.

I gasped when he gave me a sudden hug.

"S-sino ka? H-have I met you before?", tanong ko.

Hindi niya ko sinagot.

Bagkos ay hinigpitan niya lalo ang pagyakap sakin.

Nararamdaman ko ang init ng katawan niya na nagtra-tansmit papunta sa katawan ko.

Parang may electricity nan aka-connect sa katawan naming dalawa.

Pero hindi ko siya maitulak, dahil parang nagkakaintindihan ang katawan naming dalawa.

“waa, so-sorry! Sorry! I must have been carried away”, bigla niyang tinanggal ang pagkakayakap niya na parang nagulat pa sa ginawa niya.

“pffft—hahahahaha”, hindi ko alam pero bigla akong napatawa sa expression ng muha niya nang parang na-realize niya na niyakap pala niya ko.

“hahaha, now that’s better”

Napatingin ako sa kanya.

“ha?”

“sabi ko mas maganda kang tingnan ngayon na tumatawa ka kaysa sa kanina na umiiyak ka”
(^,^)

>////>

Bakit nung siya ang nagsabi nun biglang tumaas lahat ng dugo ko sa katawan at napapunta sa mukha kko.

“Captain! Tama na yan! May laban pa tayo!”

Napatingin ako sa lalaking nagsigaw sa parting likod namin.

Nakatingin sila samin.

o.O” Ang dami pala niyang kasama at ngayon ko lang napansin nan aka-jersey silang lahat at naka-short.

Ibig sabihin simula pa kanina nang lumapit siya sakin at magyakapan kami ay nakatingin na sila samin?! >.<

“Captain! Tara na!”, tawag nung isang lalaki dito sa lalaking nasa tapat ko.

Nagulat ako nang biglang hawakan nung ‘captain daw nila’ ang kamay ko at hinila ako.

Nilampasan naming yung mga tumatawag sa kanya.

“Captain! San ka pupunta?”

“Don’t worry babalik ako bago magsimula ang laban!”, sigaw naman niya dun sa mga kasamahan niya.

Patuloy pa rin siyang naglalakad at dahil hawak niya ko kaya pati ako nakakapaglakad na rin.

Hawak niya ko?!

HAWAK NIYA KO?!

Ngayon ko lang napagtanto, hawak nga niya ang kamay ko.

“Sa-saan tayo pupunta?”, tanong ko sa kanya.

Hindi pa rin ako mapakali kasi naman hawak po kaya niya yung kamay ko.

“Sa lugar na magugustuhan mo”

Hindi ko alam pero kahit hindi ko siya kilala hinayaan kong hilahin (slash) kaladkarin sa kung saan.

“Ayaw mo?!”

Napatingin ako sa kanya kasi nauuna siya kasi nga siya yung humihila saakin.

“Ayaw saan?”

“Hindi ka ba komportable dito?”, tinaas niya yung kamay niya na hawak pa rin ang kamay ko.

Ang ibig ba niyang sabihin ay kung komportable ba ko dun sa pag-holding hands niya sa kamay ko.

“a-Ah! No! I mean—“, napatungo ko!

Ano ba naman yung sinasabi ko, siguro nadala lang ako sa expression ng mukha niya nung tinanong niya ko.

“O-kay”

Binaba niya na ulit ang kamay naming.

At naramdaman kong hinigpitan niya ang paghawak sa kamay ko kaya hinigpitan ko rin ang paghawak sa kamay niya.

Napangiti naman siya sa ginawa ko.

Ang lambot ng kamay niya.

Patuloy pa rin kaming naglalakad at hindi ko pa rin alam kung saan kami pupunta o kung saan niya ko balak dalhin.

“Alam mo mas marami kang nakikitang maganda kapag nakangiti ka”

“A-anong ibig mong sabihin?”

“Kasi kapag lagi kang naiyak, hindi mo nakikita yung ganda nung ibang bagay”

“uh”, tumungo ako bilang agree sa sinabi niya.

Magkatabi na kaming naglalakad ngayon.

Napatingin ako sa kanya.

Tama siya, kanina hindi ko makita ang mukha niya nung may luhang tumutulo sa mata ko.

Pero ngayon na nakakangiti at nakakatwa na ako, napansin ko na kung gaano pala ka-perpekto ang mukha niya.

Ang haba ng pilikmata niya, ang tangos ng ilong at may mapupulang labi.

Napatingin din ako sa katawan niya.

Medyo bakat ang mga pandesal niya sa katawan dahil naka-jersey siya na medyo fit sa kanya.

Naalala ko yung time na niyakap niya ko. <(>0<)>!!!

“Bakit?”, tumingin siya sakin.

“W-wala!” <////<

Umiwas ako ng tingin sa kanya.

“hahahaha”, bigla niyang ginulo yung buhok ko.

“wAaa bakit mo ginulo ang buhok ko?” >3<

“Wala! Ang cute mo kasi”

“Anong sabi mo?”

“Wala! Tara na!”, binilisan ulit niya ang paglalakad.

Rinig ko naman talaga yung sinabi niya eh, gusto ko lang ulit marinig mula sa kanya.

>.< Ayokong tinatawag na cute pero bakit iba kapag sa kanya nanggagaling.

“Nandito na tayo”

Naudlot ang pag-iisip ko ng sabihin niya yun at napatingin ako sa paligid nang magsalita siya.

Am I dreaming?

kurot sa pisngi

ouch

Hindi nga ako nananaginip pero para pa rin akong nananaginip.

“Nagustuhan mo ba?”

“Yes! I-I mean oo”, nadala na naman ako sa mga nakikita ko.

Just now, nagpakita ako sa kanya ng ngiti na kahit kanino’y hindi ko pa naiipakita.

“Good”, sabi niya.

Ang lugar kung nasan kami ngayon? Hindi ko alam pero punong-puno ito ng napakagandang mga bulaklak at hindi lang yun halos lahat ng klase ng bulaklak ay makikita mo ditto.

Nasa labas palang kami ng isang glass house.

Nasa loob ng glass house yung iba’t-ibang klase ng bulaklak.

“Intayin mo ko dito ha?”

Tumungo ako.

May pinuntahan siya na parang shop sa tapat ng glass house.

Tiningnan ko yung shop na pinuntahan niya parang shop siya ng mga damit and not to mention na ang mga damit na nandoon ay walang iba lang naman kung hindi ang mga damit na matagal ko nang hinahanap, hindi pa kaya yun on-sale kasi hindi pa siya nilalabas sa market.

Wow *Q*! Hindi niyo pa natatanong pero ako lang naman ay isang shopping addict lalo na pagdating sa mga damit.

Pero bakit hindi ko alam na may shop pala dito?

Ngayon nga lang ako nakapunta ditto eh.

Ilang minuto pa ay nakita ko na siyang pabalik sa kung nasan ako.

“Sorry natagalan ba? Kinuha ko lang kasi yung susi kay ate eh medyo natagalan”, he’s stroking the back of his hair.

Ang gwapo pala talaga ng lalaking nasa harap ko.

“H-hindi! Hindi naman”

“Sige! Tara na!”

Hinawakan niya ulit ako at nagpunta kami sa harap ng glass house at binuksan niya ang pagkakasarado nito.

Pumasok naman kami agad.

“Actually hindi pa nagbubukas ito, next week pa dapat ang opening nito pero alam ko kasing ito yung mga klase ng lugar na gusting puntahan ng mga katulad mo”

“Pano mo nalaman?”

“Ewan ko rin pero ito ang unang pumasok sa isip ko, marami ditong iba’t-ibang klase ng bulaklak at minsan para sa mga babae kapag nakakakita sila ng bulaklak, mas gumagaan ang pakiramdam nila. Yun siguro yung dahilan kaya dito kita dinala”

Ngumiti siya saakin.

CHEESE and HAMBURGER naman oh!

Nakakadala kaya yung mga salitang sinasabi niya at samahan mo pa nung pagngiti niya.

Nag-ikot kami sa glass house.

“Sa inyo ba ang lugar na ito?”

“Ito? Mas tamang sabihin na sa ate ko?”

“She really like gardening, no? Ang ganda naman dito, lahat ba to siya ang nag-isip”

“Oo, siguro gusto nga niya! Naisip na rin siguro niyang magtayo ng ganito dahil sa ganitong lugar sila nagkakilala ng asawa niya”

“Talaga? How sweet!”

Grabe! Sobrang lawak pala nito, hindi kasi halata sa labas at ngayon ko lang nalaman na para pala itong park ng mga bulaklak na pwedeng pagdate-an ng mga couples.

“Ang ganda!”, sabi ko kasi maganda naman talaga.

“Mas maganda ka!”

“Ewan ko sa’yo”

“Totoo naman eh”

“Bola”

“Hindi ah!”

“You’re crazy”

“Crazy sa’yo”

>.<

Suko na ko!

Hindi ko namamalayan na napapalapit na pala ako sa kanya.

Nakakatawa na ako sa harap niya at nakikipagbiruan na rin siya sakin.

Hinawakan ko yung nakita kong ‘Tulips’ habang naglalakad kami.

Ang ganda, medyo pinkish tapos ang lamig sa paningin.

“Bakit ka sumama sakin?”

“Ha?!”, nawala ang tingin ko sa tulips dahil napatingin ako sa kanya.

“I mean—ngayon lang tayo nagkakilala wala pa ngang buwan, linggo o kahit araw na nagkakilala tayo , bakit ka sumama sakin, hindi ka ba natatakot na hindi ako mabuting tao”

Napaisip ako sa sinabi niya.

Bakit nga ba ko sumama sa kanya?

Bakit ang gaan-gaan agad ng loob ko sa kanya.

Kahit na kakikilala ko lang sa kanya.

Hindi ko rin alam pero...

“Hindi ko rin alam pero, para sakin wala sa araw, linggo, buwan o kahit taon ang kailangan para makilala mo ang isang tao”

“You see, yung taong nanakit sakin kilala ko siya ng halos dalawang taon at akala ko kilala ko na siya sa loob ng dalawang taon na yun, pero hindi pa pala! Nagkamali ako! Kaya para sakin hindi batayan ang panahon na magkasama kayo ng isang tao para makilala niyo kung ano at sino talaga sila! Malay ko rin kung bakit ako sumama sa’yo, siguro alam ko na wala ka namang gagawing masama rin sakin at kung may gagawin ka mang masama bakit dinala mo ko sa ganitong lugar?”

Ngumiti ako sa kanya pero parang hindi niya nagustuhan ang sinabi ko.

Nag-iba ang expression ng mukha niya at tumungo siya.

“Hindi gagawa ng masama pero pano kung gawin ko to?”

“Oo, sa tingin ko naman hindi ka gagawa ng masa—“

Biglang nakuryente ang buo kong katawan ng hawakan ng dalawang malalambot at maiinit niyang kamay ang pisngi ko.

“I’m bad”

At naramdaman ko ang mainit na pagdampi ng labi niya sa labi ko.

Nanlaki ang mata ko sa ginawa niya, hindi ko inaasahan na HAHALIKAN niya ko. o.O”

I mean kakikilala pa lang naming dalawa di ba? Kanina nga lang ay naiyak ako sa tapat ng isang field at nakita niya ko pero ngayon HINAHALIKAN na niya ko?

Napahawak ako sa napakainit na pandesal niya sa katawan.

CHEESE AND HAMBURGER! Nadadala ako sa ginawa niya.

“nNnn Ahhh”

wAaa o.O” Bigla akong nakarinig ng weird sounds, sa kanya ba galling yun?

Dahil ba dun sa paglagay ko ng kamay ko sa katawan niya.

“con...tinue”, he told me between our kisses.

Ngayon ay may ‘urges’ na ang paghalik niya sakin. Mas naging ‘rough’ and ‘deep’.

Naghiwalay ang mga labi naming nang bigla kaming mabasa.

Napatingin ako sa taas kasi dun nanggagaling yung tubig na patuloy pa ring bumabasa saming dalawa.

Ngayon ko lang nakita nandun pala yung mga pandilig nila sa glass house na to! Yun yung nilalagay sa mga mall at hospital na kapag nagkasunog ay kusang naglalabas ng tubig.

“wAaa T^T basang-basa na ko”

“Total naman basa na tayo kaya enjoyin na natin!! Wohooo!!”

Bigla niya kong hinila sa gitna ng glass house kung saan may free space at dun niya ko binuhat at inikot.

“wAaaa T^T ibaba mo ko!! wAaaaa!!!”

“woh0ooo!!!”

Binaba niya ko pero bigla siyang tumakbo at hindi ko na siya makita kung saan siya nagpunta.

“Ya! Nasan ka?!”

“.....”

“Uyyy!! Wag mo kong iwan dito!!”

“.....”

Wala pa ring sumasagot.

“Lumabas ka na oy!!”

“Ay kabayo ka!”, nagulat ako ng may biglang kumuhit sakín sa likod ko.

Agad naman akong napatingin sa likod.

At nakita ko ang isang lalaki na may dala-dalang ngiti sa kanyang mga labi.

Bigla siyang may nilagay sa tenga ko.

“Ang ganda! At mas gumanda nung nilagay ko sa’yo”

wAaa >.<

“Hindi ka ba magsasawa sa pagsasabi ng maganda”

“It’s the truth kaya bakít ako magsasawa, alam mo ang laking kawalan na lang ng lalaking nanloko sa’yo at sinaktan ka”

Ano bang sinasabi niya! Alam mo yung parang ayaw mo nang maniwala sa mga sinasabi niya kasi baka sobrang lumaki yung ulo ko.

>.< Minabuti ko na lang na wag nang dugtungan ang usapan naming at nag-open na lang ako ng bagong topic.

“Basang-basa na ako! Huh!”

Nagulat ako ng bigla niyang tanggalin ang jersey na guot niya.

o.O” --> >.< --> <(*Q*)>

Kumpletong hanay ng mga pandesal ang sabay-sabay na nag-HI sakín pagkatanggal na pagkatanggal pa lang ng damit niya.

He’s a complete hottie!

“A-Ano ba yang ginagawa mo?! Magbihis ka nga!”

Kinuha ko yung damit niya at tinapon ko sa kanya.

Lokong to! Balak sirain ng maaga ang mata ko.

Nakakasilaw kaya!

“Bakit! Wag na! May gagawin pa naman tayo eh!”

“wAaa Lumayo ka sakín! Wag kang lalapit!”

Tatakbo na sana ako ng bigla niyang hawakan ang kamay ko.

“San ka pupunta? Bawal tayong umalis hangga’t hindi pa natin yun nagagawa”

“Rapist!! Tulong!! Rapist!!”

“Rapist?! Ang gwapo ko namang rapist?! Tara na!!”

At kinaladkad na naman niya ko.

*sob**sob*

“hick...hick”

*sob**sob*

“Bakit ka naiyak?!” tanong niya saakin.

“Panong hindi ako iiyak eh kasalanan mo”

“Ako kasalanan ko, ang alin?”, bigla naman siyang lumapit na sobrang concern.

“Hindi mo ba alam na sobrang tagal ko nang gustong bilhin ang **dress** na to”

Nasa harap ako ng isang salamin na pang-full body at tinitingnan ko pa rin ang dress na suot ko.

Ang tagal ko na kayang pinagnanasaan na bilhin ang damit na to!

“Akala ko naman kung bakit ka na naman naiyak eh”, napaupo naman siya ulit at parang nakahinga ng maluwa..

“Ganyan talaga kaming mga babaeng nakaka-appreciate ng ganda ng isang bagay”, bigla namang lumabas ang Ate Den niya mula sa isang pinto sa shop nila.

Nandito kami ngayon sa shop ng ate niya. Sino ba namang mag-aakala na ang ate lang din pala niya ang isang top designer sa France.

Itong shop na to yung kaninang kinunan niya ng susi nung glass house.

Naligo na rin kami kasi nga nabasa kami.

At yun pala yung sinasabi niyang “hindi kami pwedeng umalis hangga’t hindi naming ginagawa yun”, PALILIGO pala ang sinasabi niya nun.

“Eto magkape muna kayo”, naglapag naman yung ate niya ng tatlong tasang kape sa harap namin.

Umupo naman ako at syempre uminom ng kape.

“Bakit mo ba naman kasi ate ngayon mo pa kailangang magdilig eh”

Ang ate nga pala niya ang nagdilig kanina sa glass house kaya naman kami nabasa. Kaya in return daw makakapili ako ng kahit anong damit mula sa shop niya at akin na daw yun!

d^_^b Yipee! Mabuti na lang pala na nabasa kami kasi nakuha ko yung damit na matagal ko ng gusting bilhin.

“ABA! Nagkakainitan ang laban niyong dalawa at baka kung saan pa mapunta kaya naman kailangan niyong magpalamig?”

Bigla akong namula sa sinabi nung ate niya! >////<

Naalala ko yung mainit yet gentle na halik na binigay niya sakin.

“ATE NAMAN!”, suway niya sa ate niya.

“Naku! Sorry! Hahaha! Ito naman kasing kapatid ko, ngayon lang nagpakilala ng **girlfriend** sakin eh kaya tuwang-tuwa ako”, Ate Den.

“Brrr—“, Bigla klong nailabas sa bibig ko ang iniinom kong kape.

GIRLFRIEND?! @__@

“Naku! Hindi po! Nagkakamali po kayo, hindi po niya ko girlfriend”, with hand gesture pa habang sinasabi ko yun.

“Brrr---“, napalabas naman sa bibig ni Ate Den ang iniinom niyang kape.

-.” may mali ba sa sinabi ko, eh hindi naman talaga niya ko girlfriend di ba?

“Hindi ka niya girlfriend?”, tanong sakin ni Ate Den habang nakaturo sa kanya.

“Hindi po talaga!”, sabi ko.

Tumayo ang ate niya at kinurot-kurot siya sa tagiliran.

“Hindi mo pa pala yan girlfriend, tapos hinahalikan mo na! Matuto ka ngang rumespeto sa babae”

“aray—aray—ate! Tama na! ouch! Masakit na ah!”

Hahahaha ^^. Nakakatuwa naman silang dalawa.

Sobrang close nila sa isa’t-isa.

Natapos na rin ang pagkukulitan ng dalawa.

“tara na!”, akit niya sakin.

“No! hindi pa kayo pwedeng umalis”, pigil naman samin ni Ate Den.

“Bakit ba ate?! May pupuntahan pa kami!”

Tiningnan siya ng masama ni Ate Den!

-____-

At tumahimik naman siya.

Hahaha ^^ . Nakaktuwa kasi kaya siyang patahimikin nung ate niya ng isang tinginan lang.

“Tara na Claire!”, hinawakan niya ang tig-kabila kong braso at hinila ako.

Okay! Magkapatid nga sila, parehas nilang gusting nanghihila (slash) nangangaladkad!

~After 10 Minutes~

“You can open your eyes now”

At unti-unti ko ngang minulat ang mata ko.

Tumingin agad ako sa salamin na nasa harap ko.

waaAaa T^T nasan na ko, bakit hindi ko na makita ang sarili ko!

De Joke lang! Pero seryoso hindi lang pala Top Designer ang ate niya, magaling din siyang mag-ayos .

Pumasok kami sa loob ng isang maliit na room sa loob ng shop at ditto niya ko INAYUSAN!
Yun yung dahilan kaya hindi niya agad kami pinaalis.

Ang galing ni Ate Den mag-ayos!

Pati kasi buhok ko inayos niya.

“Mas bagay sa’yo na medyo may volume sa hair mo, tingnan mo”

Hinarap niya ulit ako sa salamin.

“Salamat po!”, napayakap ako sa kanya dahil sa sobrang saya ko.

“Naku! Wala yun! Basta para sa babaeng mahal ng kapatid ko”

>.< Ano daw? **Babaeng mahal ng kapatid niya?**

“Halika na! Sigurado ako lalo kang magugustuhan nung kapatid kong yun”

Hindi pa rin ako komportable kapag sinasabi niyang mahal daw ako nung kapatid niya.

Itinayo niya ko sa pagkakaupo ko at saka kami lumabas ng maliit na room.

“Be ready sa magiging expression ng kapatid ko”, bulong niya sakín.

“Hoy!”, tawag nung ate niya sa kanya.

Nakatalikod kasi siya samín.

Agad naman siyang humarap ng tinawag siya ng ate niya.

“Ano ba naman Ate! May puuntahan pa kami bakit ba ang tagal niyong luma----“

Napatigil siya ng makita niya ko.

<(0<>!!!

Bakit ganon yung expression niya nung nakita ako.

Hindi ba bagay, mukha ba akong nagpipilit.

Yung expression niya parang sinusuri niya yung lahat ng parte ng mukha ko.

“Hindi—ba---bagay?”

Hindi pa rin siya nagsasalita at hindi pa rin nagbabago yung expression niya.

“Ate Den! Ayoko na, tanggalin mo na yung ayos ko! Hindi ata bagay eh”, papasok n asana ulit ako sa loob nung maliit na room ng biglang may humawak sa braso ko.

“No! Please!”, napatingin ako sa kanya dahil siya pala yung naghawak sa braso ko.

“Hindi ata bagay eh”

“Bakit? Sinong nagsabing hindi bagay”

“Eh yung expression mo kaya kanina nung makita ako!”

“Expression? Oh! But it’s not like that... It’s just that... that... *murmur*”, bigla syang tumungo pagkatapos ng sinabi niya.

Hindi ko nakinig yung huli niyang sinabi kaya pinaulit ko.

“Ano yun, it’s just that what?”

“It’s just that you look so”, tumalikod siya “p-pe-perfect”

Hindi ko nakita pero feeling ko ang cute ng expression niya habang sinasabi yun.

Ako naman ito na si tuwang-tuwa na naman dahil sa sinabi niya.

“Salamat!”, bigla ko siyang nayakap sa likod niya unconsciously.

wAaa!! <(>Q<)>

Hindi ko sinasadyang maramdaman sa kamay ko mismo yung mga kalulutong pandesal sa mga katawan niya.

Naalala ko na naman tuloy nung hinalikan niya ko tapos nailagay ko rin yung kamay ko sa katawan niya at nakarinig ako ng weird noises >.<”

“Oh! Tama na yan! Wag kayo ditong magyakapan baka mamaya may makakita at sabihin na kinokonsente ko kayo”, sabi ni Ate Den

Tinanggal ko naman yung pagkakayakap ko sa kanya at niyakap ko naman si Ate Den.

“Ate Den, salamat po dito sa damit at sa libreng ayos! Babalik po ako dito kasama ng mga kaibigan ko at iso-sold out naming lahat ng damit ditto”

“Sige! I’ll be glad na makikita ko rin ang mga kaibigan mo! Ingat kayo! Ha? Sige na! At kanina pa atat na atat yang kapatid ko na masolo ka”

Lumabas na kami sa shop ng ate niya.

Malayo na kami at nag-hand gesture ulit ako ng ‘goodbye’ kay Ate Den.

Eto na naman po kami! Lakad-lakad na naman at siyempre siya na naman ang humihila (slash) kumakaladkad sakin.

Naka-jersey pa rin siya ngayon.

Extra jersey daw talaga niya yun ngayon para sa laro nila.

May dala kasi siyang bag na pang mga varsity players. You know, yung parang malaki. Basta yun na yun!

Napansin ko sa likudan nung jersey niya yung nakalagay.

STANLEY!

Yung yung nakalagay sa likod ng jersey niya.

“Stanley?”, napabulong ako.

“Surname”, nag-respond naman siya.

Stanley! Yun pala ang surname nila tapos ‘09’ naman yung number niya sa jersey.

Ang ganda naman ng apelyedo nila, bagay na bagay sa kanya!

At bagay na bagay rin sa pangalan niya.

Pangalan niya?!

PANGALAN—NIYA?!

Ano nga ba ang pangalan niya?

Hindi ko pa nga pala alam ang pangalan niya.

Ngayon ko lang naisip na magkasama kami simula pa kanina pero hanggang ngayon hindi ko pa rin alam ang pangalan niya.

“h-hmm-a-ano?”

“Ha?”, tumingin naman siya sakín at tumigil kami sa paglalakad.

“a-ano? Yung—yung?”

“hmmm?” nakatingin lang siya sakín habang nag-aantay ng tanong ko.

“wag kang magagalit ha? Pero, a-ano! ANO NGA PALA PANGALAN MO?”, napapikit ako sa sobrang hiya kasi ngayon ko lang na-realize na hindi ko pa pala alam ang pangalan niya.

Naramdaman kong hinawakan niya ulit ang kamay ko.

Kaya napatingin ako sa kanya.

“Dan! It’s Daniels”

“Daniels, with ‘S’ talaga? Ang cute pala ng pangalan niyong magkapatid no! Dan! Den!”

“Oo wag ka nang magtaka with ‘s’ talaga ang pangalan ko! At tandaan mo ang pangalan na yan”

“Bakit naman?”

“Dahil ang pangalan na yan ang pangalan ng taong makakasama mo habang-buhay?”

Ginulo naman niya ang buhok ko gamit ang isa pa niyang kamay.

“wAaa Ginulo mo yung buhok ko! Inayos pa kaya yan ni Ate Den!”

Daniel with ‘S’ ang pangalan ng taong makakasama ko habang-buhay.

Nakakatuwang pakinggan ang pangalan niya pero mas nakakatuwa ang sinabi niya.

“Ah!”, nagulat ako ng bigla na naman niya kong kaladkarin, at mas bumilis ang paglalakad niya ngayon kumpara kanina.

CHEESE AND HAMBURGER! Kelan ba kami titigil ng paglalakad.

“Bakit ka nagmamadali? San ba tayo pupunta?”

“Kailangan talaga nating magmadali dahil late na ko!”

“Late ka na saan?”

“Basta! Tara na!”

“Wait lang--ah!” Bigla niyang binilisan ang lakad niya.

Napatigil siya saglit sa paglalakad at tumingin saakin.

“Bakit?”

Bigla siyang pumunta sa harapan ko at UMUPO?!

“Anong gagawin mo?”

“Sakay na!”

“Saan sa likod mo? Anla! Ayoko at hindi pwede!”

“Bakit naman?”

“Tingnan mo kaya ang damit ko!”

Nagtayo naman siya at humarap saakin.

“Oo nga no!”, pag-agree naman niya.

Naka-dress kaya ako.

“Well then, wala ng ibang paraan”

“Ano namang gagawin mo— wAaa Ibaba mo ko!!”

Bigla ba naman akong buhatin, yung pang princess na buhat or yung ginagawa pag bagong kasal.

wAaa >.<

“Kailangan nating magmadali, papatayin na ko ng mga mokong! Hahaha” At humarurot na nga po siya ng takbo! Spell T-A-K-B-O talaga!

“Ibaba mo ko”, sabi ko sa kanya habang ihinahampas ang shoulder bag ko.

Bago nga rin pala ang shoulder bag ko, galling din sa shop ni Ate Den! Nabasa rin kasi shoulder bag ko eh pero safe naman yung mga gamit sa loob.

Patuloy ko pa rin siyang hinahampas ng shoulder bag pero patuloy pa rin siya sa pagtakbo.

“wag mo kong hampasin! Baka maihulog kita bahala ka”, bigla niyang ni-lower yung buhat niya na parang ihuhulog ako!

“wAaa buhatin mo na pala ko! buhatin mo na ko” T^T

“o-kay! Pero wag kang mag-alala dahil kung ihuhulog man kita, sisiguraduhin kong sa puso ko ang bagsak mo” sabi niya.

>///
<

What’s with the banat? Ang korni kaya pero hindi ko mapigilang matuwa.

Sa puso niya ko babagsak!? Ayos na rin! Sa kanya naman pala eh!

Ano ba tong lalaking to! Kung anu-ano ang pinapasok sa isip ko.

Total naman ayaw niya kong ibaba, kaya inenjoy ko na lang din ang pagbuhat niy.

Ngayon ko lang naamoy yung pabangong gamit niya.

Ang bango niya.

Alam mo yung pabango na kapag naglakad siya sa harap mo parang naiwan yung amoy niya tapos hindi mo mapigilang sundan yung tingin niya. Hindi kasi ganon katapng yung amoy, medyo gentle sa ilong. Parang siya, Gentle din!

Hindi ko namalayan kung ilang minuto na siyang tumatakbo at buhat-buhat ako pero nang tumigil siya ay napansin ko na lang na nasa tapat kami ng isang SCHOOL?! o.O”

Bakit kami nasa school?!

School ba niya to?!

“School niyo?”

Tumango naman siya bilang response.

Ang laki at ang lawak ng school nila, siguro private din to katulad ng Acuin High.

Patuloy pa rin niya kong buhat-buhat kahit nasa loob na kami ng school.

Grabe! Gusto ko na talagang bumaba eh kasi naman po parang ngayon lang nakakita ang mga tao ditto sa school nila ng lalaking may buhat-buhat na babae.

At yung iba, para lang naman scientist na talagang sinusuri ang bawat parte ng katawan ko. Yung iba parang pinapatay na ko sa isip. Bakit ba? May ginawa ba kong masama?

Ilang minute pa ay ibinaba ako ni Dan sa tapat naman ng isang GYM?!

“Bakit tayo nandito?”

“May laro kasi kami ngayon eh, tara na!”

Maglalakad n asana siya papasok ng GYM ng hinawakan ko siya sa braso.

“Eh bakit mo ko sinama dito?”

Tumingin siya sakín saka siya ngumiti.

“Para ganahan ako maglaro, tara na!”

Inakbayan ako ni Dan atsaka kami naglakad.

Papasok na kami ng GYM at nagsitabi naman lahat ng mga tao nang makitang dadaan kami.

I mean si Dan pala.

Karamihan kasi nang taong nasa labas ng GYM ay babae.

Habang napasok kami ay nakarinig pa ako ng bulong-bulungan.

“Sino siya?”

“Bat niya kasama si Prince Dan?”

“Alam niyo ba nakita ko pa si Prince Dan na buhat-buhat ang babaeng yan papunta dito?”

“At sino naman siya sa akala niya?”

Pero wala akon pakialam sa mga pinagsasasabi nila.

Like duh!~ Ngayon ko nga lang sila nakita.

Patuloy pa rin kami sa paglalakad hanggang makarating kami dun sa side ng mga ka-varsity niya.

Pano ko nalaman? Eh kasi naman magkakaparehas po kaya sila ng varsity jersey.

So siyempre hindi naman ako ganoon ka slow para hindi malaman nay un yung kakampi ni Dan.

“Captain! Kanina ka pa naming iniintay”

“Sabi mo babalik ka bago magsimula ang laban”

“Kanina pa kaya nagsimula ang laban”

Nagsilapitan naman ang mga ka-varsity niya.

At napatigil nung makita ako.

“Kaya naman pala late si Captain eh, may INASIKASO”, panloloko samin nung isa.

“Tumahimik sa Jude, hayaan mo na si Captain! Alam mo namang minsan lang yan ma-in love eh”

“HOY! Tumahimik kayo! Dan! Bilisan mo na!”

“Sorry, sorry coach! Ano na bang score! At nasan si Vice Captain?”, Dan.

“Si Vice! Ayun naglalaro”, turo nung Jude.

Napatingin naman ako sa tinuro nung lalaki.

Oo nga! Naglalaro na nga sila.

Pero laking gulat ko nang makita ko kung sino ang kalaban nila.

o.O” No! No!

CHEESE AND HAMBURGER naman oh!

Bakit sila pa?

Bakit sila pa ang kalaban nila Dan?

Ang Acuin Basketball Varsity lang naman ang kalaban nila.

At ang captain lang naman nila ay walang iba kung hindi si...

...Chiron.

Ang lalaking nanakit sakín ng sobra-sobra!

“Captain! Bilisan mo na!”

Pinaupo naman kami nung mga ka-varsity niya sa side nila.

Nagpalit si Dan ng sapatos niya na pang-basketball.

Agad silang nag-Substitution nang ready na si Dan.

At eto na nga naglalaro na siya, at kalaban niya si... Chiron.

Captain din si Chiron ng Acuin.

Ang score bago dumating ay 34-40.

Lamang sina Chiron.

Pero wala pang 10 minuto ay nabawi na agad nila ang score.

Ang galling ni Dan! Ang galling niya, sobra!

Bakit ganon kahit na nandito si Chiron, na kay Dan lang ang mata ko.

Para siyang nagsasayaw, bawat galaw niya.

Ang buhok niya na nasunod sa galaw niya.

Nagulat ako nang mapabagsak nung isang taga-Acuin si Dan.

At agad namang nag-Foul ang referee.

Kaya ngayon magfree-free throw si dan ng dalawang beses.

Nakatayo na siya sa gitna at nasa tabi naman niya lahat ng iba pang naglalaro.

Pero hindi ko inaasahan ang kasunod niyang ginawa.

Tinuro lang naman niya ko habang bago niya i-shoot ang bola.

Kaya napatingin sakín lahat, lalo na ang mga ka-varsity niya na kasama kong nakaupo. Pati yung mga babaeng parang gusto na kong kulamin.

Pero ang isang tumingín sakín na ayaw na ayaw kong makita ako...

...si Chiron.

Oo, nakita ako ni Chiron na nakaupo sa kabilang team.

Napatigil siya sa kinatatayuan niya.

Shoot ang dalawang free-throw ni Dan.

Kaya naman lamang na sila Dan ngayon sa score na 42-40.

Naggalaw na lahat ng player, sa Acuin ang bola pero si Chiron... hindi pa rin niya matanggal ang tingín niya sakín.

Hindi siya makapaniwala siguro sa ginawa ni Dan bago siya mag-free throw.

Tinapik siya nung ka-varsity niya kung hindi ako nagkakamali, JC ang pangalan nun.

Sinenyasan siya ni JC na mamaya na niya ko kausapin at asikasuhin na muna nila ang laro. At saka lang gumalaw si Chiron noon.

Pero kakaiba na ang galaw niya simula ng makita niya kong naglalaro.

Bakit niya ko ganoong tingnan kanina, bakit? Eh hindi ba nga siya ang nagsabi ng masasakit na salita sakín at hindi man lang nag-explain.

Second-half na ang laban nila at tambak na ang Acuin. 52-40.

Break muna sila bago magsimula ang second-half.

Palapit na si Dan sa side namin.

Ayokong tumingín sa kanya.

Malalaman niya na may iba sakín. Na may mali sakín.

Umupo siya sa tabi ko.

May towel siya sa balikat niya.

At umiinom ng tubig.

Huminga siya ng malalim.

“Yun ba yung lalaking nanakit sa’yo?”

Nagulat ako sa sinabi niya.

“Pano mo nala—“

“Taga-Acuin ka di ba? At kanina nung tinuro kita bago ako mag-free throw nakita ko ang expression niya pagkatapos kong mag-shoot”

“Pano mo nalamang taga-Acuin ako?”

“Kanina”, nahihirapan siyang magsalita kasi hinihinal pa rin siya “Nung magkita tayo kanina sa field, naka-uniform ka na pang Acuin High”

Oo nga pala! Naka-uniform ako nung magkita kami kasi ngayon hindi na! Nabasa nga kasi kami sa glass house di ba?

Napatahimik kaming dalawa matapos naming mag-usap.

Ano namang sasabihin ko kay Dan di ba?

Nabaling naman ang tingin ko sa side kung nasan ang Acuin.

Si Chiron, nakatingin siya sakin.

Nakapatong yung dalawang braso niya sa tuhod niya tapos may towel sa leeg at may hawak na Energy Drink.

Hindi ko malaman kung ano ang ibig sabihin ng mga tingin niyang yun.

Bigla siyang tumayo at umalis nang makitang nakatingin din ako.

“Captain! San ka pupunta!? Magsisimula na!”, sigaw ni JC atsaka sinundan si Chiron.

Wala pang dalawang minute ay bumalik na si Chiron at JC at parang kumalma ng kaunti si Chiron.

Magpapalit na ang court nina Dan at Chiron.

Di ba nga second-half na kaya naman nagpalit sila!

“Kapagod! Ayoko nang maglaro”

Napatingin ako kay Dan ng sinabi niya yun.

Bakit naman hindi na siya maglalaro, gusto niya bang ipatalo ang mga ka-varsity niya?

Nakikita kong pagod na siya at hinihinal na rin.

“Pagod ka na ba?! Sabi ko naman kasi sa’yo ibaba mo na ko kanina eh”

Siyempre madali talaga siyang mapapagod, tumakbo ba naman siya papunta dito tapos buhat-buhat pa ko. Sino ba namang hindi mapapagod nun.

“Ibaba? A-YO-KO! Bakit handa ka na bang mahulog sa puso ko”

Nilapit niya ang mukha niya sa mukha ko at saka ako inakbayan.

“Eh pano yan? Kung hindi ka maglalaro baka matalo kayo!”

“No! Kailangan ko lang naman ng energy!”

“Energy? Tubig? Energy Drink? Anong kailangan mo---?”

“Ikaw!”

Tinanggal ko ang pagkaka-akbay niya sakín.

“Ayan ka na naman eh!”

Umupo siya nang maayos.

“Okay, bahala na sila! Kaya na naman siguro ni Vice Cap. yang laban eh”, sabi niya na parang wala talagang pakialam.

“Hoy! Kailangan mong maglaro! Magsisimula na yung laban oh!”, pangungulit ko sa kanya.

Ginagalaw-galaw ko siya sa upuan niya.

Tumingin siya sakín at ngumiti.

Oh No!! Yang ngiting yan, may dalang problema sakín.

“Kiss me”

“What?!”, napatayo sa sa bench na inuupuan namin.

Napatingin naman samin lahat ng ka-varsity niya.

Nakakuha ako agad ng attention.

Hinabol ko siya at *tsup*

Nakarinig naman ako ng gasp ng mga tao.

Tumingin naman siya sakín ng abot langit ang ngiti.

“Hanggang 3rd quarter lang ako maglalaro”

“Bakit na naman?”

“Sabi ko, kiss me! Kiss me sa lips. Hindi sa pisngi”

Sa pisngi ko lang siya hinalikan. Hiyang-hiya na nga ako nun at talagang I gathered all of my strength mahalikan lang siya no!

Ayan! Center of Attraction na naman ako.

Inupo naman niya ulit ako sa bench kung saan kami kanina nakaupo.

Bigla niyang nilapit ang labi niya sa tenga ko at binulungan ako.

“Panuorin mo ko ha? Ako lang! Selfish ako eh”.

Hindi ko alam kung ano ang magiging reaction ko sa bawat sinasabi niya.

Alam mo yung parang may gustong kumawala sa dibdib ko.

Pumunta na siya sa court.

At sa Acuin ang bola.

Kung kanina sa tapat naming ang ring nina Dan ngayon naman yun ang ring nina Chiron.

Alam ko.. alam kong nakita ni Chiron ang ginawa kong paghalik kay Dan.

Tuwing magsho-shoot si Chiron, napapatingin ako sa kanya kasi katapat lang naming ang ring nila.

Natingin siya sakín pero hindi ko mabasa ang mga mata niya.

Kung anong klaseng tingin yun at kung anong ibig sabihin nung mga tingin niya? Hindi ko alam!

Lamang pa rin sina Dan.

Pero biglang nag-iba ang laban, napansin kong pine-personal ni Chiron si Dan.

Laging foul si Chiron dahil sa pagbunggo niya minsan Dan.

Hindi naman siya pinapatulan ni Dan.

Sira ang laban ngayon ni Chiron, kilala ko siya.

At napanood ko na rin ang laban niya dati, pero ito ang pinakang-kakaibang laban niya.

Dahil ba sakin.

“And the winner----“

Kilala ko na ang mananalo kahit hindi i-announce.

Siyempre sina Dan.

Ang saya ng lahat ng schoolmate ni Dan sa pagkapanalo nila.

Lumapit sakin si Dan pero papalapit pa lang siya ay ramdam ko na ang ibang aura na bumabalot sa kanya.

Kinuha lang niya ang gamit niya sa tabi ko at umalis.

Anong nangyari dun?

Hindi ba siya masaya sa pagkapanalo nila?

O may ginawa akong mali?

Sinundan ko siya.

Hinawakan ko yung likod ng jersey niya at tumingin naman siya sakin.

Pero iba ang tingin niya, wala ang ngiti na lagi niyang dala-dala.

“M-may ginawa ba kong masama?”, nakatingin ako sa kanya pero hindi nagbabago ang expression niya.

He smiled bitterly.

Bakit?

Palabas na siya ng GYM at sinusundan ko pa rin siya.

Nabigla ako ng may humawak sa braso ko at hinila ako palapit sa kanya.

“Bakit? Bakit ka nandito? At bakit kasama mo sila?”

Pero ang mas nakakagulat ay kung sino ang humila sakin...

...si Chiron.

Hindi ko alam, yung boses niya ay may lungkot at galit.

“B-bi-tawan mo ko, ano ba!”, tinanggal ko ang kapit niya sa braso ko kasi hinigpitan niya. Masakit kaya!

“Sumama ka sakin”, hinawakan niya ulit ako sa braso atsaka hinila.

Pero hindi ko inaasahan ang sunod na nangyari.

May isa pang humawak sa kabila kong braso at hinila rin ako...

...Si Dan.

Napatigil si Chiron at tumingin kay Dan.

“Bitawan mo ang girlfriend ko”, mariing sabi ni Chiron kay Dan.

Pero hindi nagpatinag si Dan.

Nararamdaman ko ang init na namumuo sa kanilang dalawa.

“Girlfriend mo?! O E-X-G-I-R-L-F-R-I-E-N-D mo!?”, Dan.

“Wala kang pakialam! Gago!”

“Meron akong pakialam dahil ang girlfriend mo NOON ay girlfriend ko na NGAYON”, Dan.

o.O” Tama ba ang narinig ko kay Dan, GIRLFRIEND?!

Inikot ako ni Dan habang hinihila kaya naman nawala ang hawak sakin ni Chiron sa braso.

Pagkatapos ay niyakap niya ko.

Pinipilit kong umalis sa yakap pero hindi ko magawa, malakas si Dan.

Bigla akong tinabi ni Dan dahil susuntukin na siya ni Chiron.

Nang maitabi ako ni Dan ay siya naman ang umilag kaya hindi siya natamaan nang suntok ni Chiron.

Sinuntok ni Dan si Chiron na nagpabagsak naman dito.

“WAG KANG MAANGAS! NASA TERITORYO KITA KAYA KUNG GUSTO MONG MABUHAY UMALIS KA NA ULUL!”

Nagulat ako nang sumigaw si Dan.

Sumabog na ang galit niya. Alam kong kanina pa niya gustong ilabas ang galit na yun.

Hindi ako makapaniwala na kaya niyang magsalita ng ganon.

Nakalapit na rin ang mga ka-team ni Dan at Chiron.

Nilayo ng bawat team ang isa't-isa.

Tinayo ni JC si Chiron.

Tinanggal naman ni Dan ang mga pagkakakapit sa kanya ng mga ka-team niya.

“Captain!”, tawag kay Dan ng isa.

Palabas na kasi ito ng GYM.

“Sorry po! Sorry!”, pagpapasensya ko sa lahat.

At sa huling pagkakataon, tiningnan ko si Chiron.

I feel sorry for him kahit na may ginawa siyang hindi maganda sakin.

May pinagtataka ako, dahil ngayon kahit makita ko siya wala na akong nararamdaman na sakit.

Hinabol ko naman ang kaaalis lang na si Dan.

At hanggang ngayon hindi ako maka-imik sa kasama kong nagmamaktol nang hindi ko pa rin alam ang dahilan.

Nakalabas na kami nang campus nila.

Ito pa rin ang scenario naming dalawa, naglalakad na naman kami pero this time hindi na niya ko hila-hila at kinakaladkad dahil hinahabol ko na siya.

Ano bang pwede kong gawin para matanggal yung galit nitong lalaking to.

Wala naman akong ginagawa pero bakit pakiramdam ko pa rin hanggang ngayon ako yung may kasalanan.

Kanina, nung nagalit siya nagulat ako pero natuwa ako kasi hindi niya ko hinayaang kunin ni Chiron.

Ano bang magandang pangbawi sa mga ginawa niya para sakin.

‘Kiss Me’

‘Kiss Me’

wAaaa T^T Ano tong naiisip ko?

Bakit naaalala ko kanina yung hinihiling niya.

No! No! Hinding-hindi ko gagawin yun.

Patuloy pa rin kami sa paglalakad.

‘Kiss Me’

‘Kiss Me’

Ume-echo pa rin sakin yung gusto niyang gawin ko kanina.

wAaaa T^T Pero ayoko! Hindi ko kaya!

Sa pisngi pa nga lang hirapan na ko eh.

Konsensya: “Bahala ka, ikaw din! Yun lang naman ang gagawin mo eh, isa lang naman tapos malay mo magkaayos na kayo! Isang kiss lang naman kapalit ng mga ginawa niya para sa’yo”

Pati konsensya ko yun ang sinasabi.

Bahala na nga.

“Ya! Dan!”, tawag ko sa kanya tapos hinawakan ko ang likod ng jersey niya.

Iniiikot niya lang yung ulo niya ng 45 degree pero hindi pa rin naharap sakin.

Claire! Kaya mo yan! AJA!

Tumingkayad ako kasi medyo matangkad siya.

Pinikit ko ang mga mata ko.

Then I lean closer to him.

At inabot ko ang kanyang mga labi.

tsup

Kiniss ko siya pero smack lang.

Binitawan ko ang pagkakakapit ko sa likod ng jersey niya.

Kitang-kita ko ang gulat niya sa ginawa ko.

Like duh!~ Hindi ko nga alam na kaya kong gawin yun eh, eh sa yun lang ang naisip ko!

“Para san yun?”, tanong niya nang maka-recover siya sa pagkagulat.

“Sorry na kasi! Pansinin mo na ko! Bakit ba hindi mo ko pinapansin”

Nawala ang kaninang aura na kinakatakutan ko.

“Hahahaha ^^. Ikaw talaga!” ginulo niya ang buhok ko “Kailangan ko lang palang magalit para halikan mo ko eh, kung sinabi mo eh di sana kanina ko pa ginawa. Tara na nga!”

Ayan na naman po kami!

Hinihila (slash) / Kinakaladkad na naman po niya ko.

Sinuntok ko siya ng mahina sa katawan niya.

“Bakit ka ba kasi nagalit kanina? Wala naman akong ginagawang masama ah!”

“Anong wala!? Pinapalaro mo ko nung second-half tapos hindi mo naman pala ko papanuodin, akala mo ba hindi ko alam na nandun lang sa ulul na yun ang tingin mo simula nung second-half hanggang matapos!”

Yun pala yun! O-KAY! Hindi ko naman maiitanggi.

Pano namang hindi ako makakatingin kay Chiron eh kahit papano naman EX ko yung tao no?

>.<” Eh Jelly lang naman pala tong lalaking to eh.

Sinuntok ko ulit siya nang mahina sa katawan niya.

“Ano na naman po?”

“Eh, ano naman yung sinabi mo kay Chi na GIRLFRIEND mo ko?! Hindi pa nga kita sinasagot at ni hindi ka pa nga nanliligaw no?”

“Alam ko po! Eh sa gusto kong galitin yung EX mo eh, atsaka pasasanpaman ay magiging GIRLFRIEND din naman kita”

Inakbayan naman niya ko.

“Ang lakas din naman ng apog mo no? As if namang sasagutin kita no?!” tumawa naman ako ng pabiro “Atsaka bakit ba lagi mong pinagdidiinan na E-X ko na siya?”

“Basta sa susunod kailangan kapag naglalaro ako sakin ka lang titingin ha? Ayoko nang sa iba ka titingin. At kapag tumingin ka sa iba”, nilapit niya ang bibig niya sa tenga ko “hindi lang halik ang kailangan mong gawin kaya waag mong subukan”.

wAaaa T^T He’s bad! He really is.

Ayoko na! Hindi na ko sasama sa kahit anong laro nito.

Baka mamaya mapatingin lang ako sa ibang players tapos magalit na naman tong isang to.

Sobrang pagod na ko, buong araw na lang akong pinaglakad ng lalaking to!

Bawal ba talagang sumakay kami?

Sinuntok ko ulit siya ng isa sa katawan.

“Aray ha! Nakakatatlo ka na, ano na naman po ba ang kailangan moa king prinsesa?”

“Ihhh!! Balak mo bang tanggalin yung paa ko, ang sakit-sakit na kaya! Kanina pa tayo naglalakad oh! Bawal ba talagang sumakay?”

“Ayoko!”

“Bakit?”

“Kasi naman po, mas matagal kitang makakasama kapag naglalakad tayo at mas enjoy kasi hawak ko ang kamay mo”, itinaas naman niya yung kamay niya na hawak ang kamay ko. “Kapag kasi dala ko ang kotse ko, hindi ko mahahawakan ang kamay mo. Ayos na po ba Prinsesa o may itatanong pa kayo?”

>/////< Bakit ba ako tinatawag nitong prinsesa. Hindi po kaya ako sanay.

Umiling naman ako bilang response dun sa tanong niya.

Sa lahat na lang ng tanong ko parang ginagawang banat ng lalaking to ang sagot niya eh.

At take note: ‘Kapag daw dinala ang kotse NIYA’, eh di siya na ang may kotse! Yabang!

*Ring**Ring*

*Ring**Ring*

Tiningnan ko naman yung phone ko sa shoulder bag ko.

At kinuha rin ni Dan yung phone niya sa varsity bag niya.

Okay! Hindi pala akin yung natunog.

Kanya pala yun! Ako na ang feeler.

Sinagot naman niya ang tumatawag sa kanya.

“Ngayon na?...Hindi ba pwedeng bukas na lang?...Okay okay,...pabalik na kami!.....Oo isasama ko!”

Binaba na rin niya ang phone niya.

“May pupuntahan ka ba?”

“TA-YO!”

“Ha? At saan naman?”

“Maya ko na sasabihin sa’yo. Balik muna tayo sa school”

“Bakit?”

“Wag nang maraming tanong, kaya tara na po prinsesa ko”

Naglakad naman kami pabalik sa school nila.

sigh

Anong akala niya, hindi ako napapagod?

Eh di parang sinayang lang pala niya yung nilakad namin kung san man niya ko dapat dadalhin.

Wala naman akong magagawa kaya tamang tahimik na lang ako at sunod sa kung saan siya pupunta.

“haaa...haaa...haaaa...”, hingal na hingal lang naman ako nang makabalik kami sa tapat ng school nila.

“Mag-aano ba.. haaa... tayo dito? At bakit pa... haaa... tayo bumalik?”, tanong ko sa kanya habang nakatayo at nakapatong ang dalawang kamay sa tuhod ko.

Hindi ako sinagot ng loko, pero patingin-tingin siya sa paligid na parang may hinahanap.

“Captain! Sakay na kayo! Tara na!”

Napatingin ako sa boses ng lalaking tumawag kay Dan.

Ka-team niya yun di ba?

Nasa loob ito ng bukas na Van at hindi lang siya ang sakay nito.

Maraming nakasakay dito.

“Kailangan nating makarating dun bago mag-sobrang hapon Captain! Sakay na kayo!”, akit pa nung isa niyang ka-team.

“Dun na lang kayo Captain sa pangatlong Van”, sabay turo sa Van na nasa likod nila.

Ngayon ko lang napansin na 3 Van pala ang nasa tapat ng school nila.

Inakbayan ako ni Dan saka kami lumapit sa Van na tinuro nung isa at binuksan naman ito ni Dan.

Bumungad samin ang iba pa niyang ka-team pero may space pa naman actually mga 5 pang tao ang kasya.

Una akong pinapasok ni Dan, pinaupo niya ko dun sa upuan tabi ng bintana tapos siya naman katabi ko.

Pagkasakay pa lang namin ay umandar na ang sinasakyan naming Van.

“Hi Dan!”, bati sa kanya nung babaeng nasa front seat ng Van katabi ng driver.

“Babe! Bakit ganyan ka naman bumati kay Cap. samantalang sakin lagi kang galit”, sabi naman nung katabi nung girl sa kanya. Kung hindi ako nagkakamali, ka-team din ni Dan yung lalaking nagsalita.

“Vice, pinapabaya mo kasi yang si Eris mo eh tamo ko alagang-alaga sa prinsesa ko”, pagmamalaking sagot naman ni Dan dun sa lalaki.

So yun palang nasa front seat din na katabi nung girl na bumati kay Dan ay ang Vice Captain nila.

“Captain! May dala ka pa namang damit di ba?”, tanong nung ka-team niyang nasa likod nang inuupuan namin.

“Oo, siyempre ready ako!”, sagot naman ni Dan

“Ready saan?”, tanong ko kasi hanggang ngayon hindi ko alam kung saan kami pupunta.

“Sa beach!!!!”, sigawan naman nung lahat ng kasama namin sa Van.

AhHhh... sa beach lang naman pala eh---

Wait!! Wait!! Are they saying na sa BEACH pupunta ang Van na sinasakyan ko?!

“SA BEACH?!”, napasigaw naman ako nang wala sa tamang oras.

Napatingin sakín lahat.

“Hindi mo alam? Cap. hindi mo ba sinabi sa prinsesa mo na sa Beach tayo pupunta ngayon?”, tanong nung Vice nila kay Dan.

“AhHhh...”, napakamot naman siya sa ulo niya “Hindi ko ba sinabi?”, inosenteng tanong naman niya sakín habang nakatingin sakín.

“Hindi kaya!, at wala akong dalang extra”, hinampas ko siya ng shoulder bag sa braso niya.

“Aray! Pang-apat mo na yan ha? Masakit na!”

“Wag kang mag-alala prinsesa ni cap., marami akong dala at sa tingin ko naman magka-size lang tayo eh. Kaya don't worry mapapahiram kita”, sabi naman nung Eris na GF nung Vice nila habang nakangiti.

She's pretty.

Natahimik naman ang Van ng matagal-tagal na kaming nagbya-byahe.

Ang pagpunta daw namin sa beach ay victory party nila.

Ang agap nilang mag-victory party no? Pagkatapos na pagkatapos pa lang ng laban ay Victory Party agad!

Ang Beach daw na pupuntahan nila ay pagmamay-ari nung Vice Cap nila.

Nagulat ako ng biglang may ipasok sa isang tenga ko si Dan.

Earphone?!

Ang sweet nung pinapatugtog niya.

Tiningnan ko siya pero bigla niyang pinatong ang ulo ko sa balikat niya.

“Tulog ka na. pahinga ka muna alam kong pagod ka na”

Nakinig ko na naman yung sweet na boses niya. Malambing na nakakapagpatulog sa lahat ng makakarinig parang yung pinapatugtog niya.

Napangiti ako sa ginawa niya.

Ang sweet din talaga ng lalaking to.

Mabuti na lang na naka-Van na kami ngayon at hindi na namin kailangang maglakad kung hindi siguro bukas wala na akong paa kalalakad gawa ng lalaking to.

Nakakaantok ang atmosphere sa loob ng Van samahan pa nang pinapatugtog niya kaya naman ilang minuto pa ay nakatulog na ako.

*Blink**Blink**Blink*

Bigla naman akong napaupo.

Nasan ako?

Iniikot ko ang paningin ko sa paligid.

Para akong nasa isang kwarto pero pano ko napunta dito? Ang huli kong natatandaan ay nung nasa Van ako tapos nakatulog ako and now?! NASA ISANG KWARTO NA KO?

Napagdesisyunan kong lumabas ng kwarto kung nasan ako para malaman ko kung anong nangyari.

At pagbukas ko ng pinto ng kwarto bumungad sakin ang mga ka-team ni Dan na nagba-barbeque at may ibang nagluluto tapos may mga babae namang naglalaro ng Beach Volleyball.

May isang lalaking lumapit sakin nang makitang nasa labas na ko ng kwarto.

“Gising ka na pala? Halika!”

“A-Eh a-ano?”

“Ano?”

“Anong nangyari bakit nasa kwarto ako nang magising ako?”

“AhHhh... yun ba? Kasi si Captain ayaw kang gisingin nang makarating na tayo dito kaya binuhat ka muna niya at dinala ka niya diyan sa kwarto”

“Salamat”, nginitian ko siya.

Ahhh ganon pala. Binuhat na naman niya ko.

“Tara papakilala kami lahat, mukha kasing hindi mo pa kami kilala”

Tumungo naman ako sa kanya bilang response.

Naglakad siya kaya sinundan ko siya.

Papunta siya dun sa mga nagluluto at nagba-barbeque.

“Guys!! Gising na ang prinsesa ni Captain, mukhang hindi pa niya tayo kilala kaya magpakilala muna tayo isa-isa”, sigaw nung lalaking sinusundan ko.

Biglang humarap sakín yung lalaking sinusundan ko at inabot ang kamay niya.

“Xiam”

Shakehands

“Claire”

Isa-isa namang nagsilapitan ang iba pang lalaki na abala sa pagluluto.

“Xian”

Shakehands

“Liam”

Shakehands

“Lian”

Shakehands

“Vin”

Shakehands

“Von”

Shakehands

“Jude”

Shakehands

“Jade”

Shakehands

“Renz”

Shakehands

“Ranz”

Shakehands

@.@! Hindi naman masyadong nakakaliyo ang mga pangalan nila.

Pero okay lang, kung anong bagal kong makaintindi ng math ganon naman ako kabilis maka-memorya ng mga words kaya tanda ko na agad!

Xiam-Xian-Liam-Lian-Vin-Von-Jude-Jade-Renz-Ranz!

“Sampo lang kayo?”, tanong ko

“Bali 12 lahat kasama si Cap at Vice cap”, sagot nung Renz.

Oo nga no?!

Speaking of the devil, nasan nga pala si Dan at hindi ko rin nakita yung Vice Cap nila ditto.

“Ahmm, nasan nga pala si Dan?”

“Naku! Si Cap at Vice Cap pati si Coach at Manager ay nagpunta muna sa bayan kasi bibili sila ng ibang gagamitin, medyo kulang kasi ang dala naming kasi hindi naming to pinaghandaan”, sagot nung Lian.

Tumungo naman ako bilang response.

Nagulat ako nang may biglang humawak sa balikat ko, ang lamig kasi ng kamay niya.

“Naku! Sorry, nagulat ba kita! Tara! Sama ka samin maglalaro tayo ng Beach Volleyball”, akit sakin nung GF nung Vicer Cap nila, si Eris nga ba ang pangalan niya.

“Ha? Pero kasi---“

“Wala nang pero, pero! Tara!”

Hinila niya ko palapit naman sa mga babaeng nagbe-beach volleyball.

Ang mga babaeng ito pala ay Girlfriend nung mga ka-team ni Dan.

Hindi pala lahat sila may girlfriend kasi anim lang ang babaeng nandito.

Nagpakilala rin sila sakin siyempre, si Eris GF ni Vice Cap.

Si Erin GF ni Xian.

Si Jen GF ni Lian.

Si Regine GF ni Von.

Si Dana GF ni Jade.

At si Nicole GF ni Ranz.

Nagsimula na ang laro at si Nicole ang magre-referee.

Bali tatluhan ang laban kasi anim kami.

Prrrrrrttttt

“Play!”, sigaw ni Nicole

Prrrrrrttttt

“And the winner, The Beauties”

Ang saya-saya namin nina Dana at Eris kasi kami ang nanalo.

Nakakapagod maglaro pero ang sarap sa pakiramdam.

Nagpahinga muna kami at nag-inom ng tubig.

Bigla kong napansin na palubog na ang araw.

“Alam mo, mas gusto ka naming kesa dun sa EX ni Cap”, Eris.

“Ha? Ako? Bakit?”

“Kasi alam mo tuwing may get-together ang team, siya lang lagi ang hindi nakikisama samin unlike you na ang daling pakisamahan”, Dana.

“Tapos ang arte-arte pa niya, akala niya kung sino siya porke’t girlfriend siya ni Cap”, Nicole.

“Oo nga pala! Parang ngayon ka lang naming nakita, gaano na kayo katagal ni Cap na magkakilala?”, Regine.

Binilang ko naman sa kamay.

Bilang**Bilang**Bilang

“Ang dami mo magbilang ha? Siguro matagal na kayo magkakilala ni Cap”, Erin.

“8”, sagot ko.

“8 Months na?”, Jen.

“8 HOURS”, sagot ko.

Halos mabulunan naman sila nung sabihin ko yung salitang hours.

Tanggap ko naman ang reaction nila sino nga ba naman ang mag-aakala na makakakilala ka ng taong 8 Hours lang tapos close na kayo agad.

“Seriously?”, Eris.

Tumungo ako bilang sagot.

“Paano?”, Erin.

“Bakit?”, Jen.

“Kailan?”, Regine.

Nakakatuwa ang iba’t-ibang reaksiyon nila.

“Okay, ganto kasi yun....”

At kwinento ko sa kanila ang lahat ng nangyari simula nung magkita kami pati na rin yung tungkol kay Chi.

“Ahhhh, so yung lalaking sinuntok ni Cap ang EX mo?”, Dana

*Tungo**Tungo*

“Tara laro na ulit tayo! Kami ulit ang Team Beauties ha?”, Eris.

“Ikaw naman ang referee Regine”, Nicole.

“Okay”, Regine.

“Girls!!! Kain na muna kayo!!! At andito na sina Captain!!!”

Maglalaro na sana ulit kami ng tawagin kami ni Jude.

Napatingin ako sa lugar kung nasan sila, at nakita ko nga si Dan na nakaupo at nakatingin SAKIN?!

Lumapit naman kami sa kung nasan sila.

Siyempre siya ang nilapitan ko.

“Kanina ka pa ba nakabalik?”, tanong ko sa kanya.

Tumungo lang siya pero nakangiti pa rin.

“At kanina pa kita pinapanuod”

>.<” Ibig sabihin nakita niya ko maglaro nung Beach Volleyball?

Ayos lang! Medyo maganda naman yung laro ko.

Bakit Claire ayaw mo bang makita niya na pangit kang maglaro?!

Ah! Ano ba tong mga naiisip ko.

“Mukha atang close na kayo ah!”

Tinutukoy ba niya yung mga Girlfriend nung ka-team niya?

“Oo, hindi naman ako K.J. para hindi makisali sa kanila no? At ang bait kaya nila!”

Tumungo siya.

“Halika nga”

Bigla niyang hinawakan ang kamay ko, inikot ako tapos inupo sa harap niya atsaka niyakap ako.

“Captain!! PDA o PDA!!”, pangangantsaw naman samin ni Jade.

“Uyyy!! Ano ba!! Nakakahiya, nakatingin kaya sila”, pilit kong tinatanggal ang yakap ko sa kanya pero hindi ko magawa kasi pati kamay ko kasamang yakap niya.

Ipinatong niya ang ulo niya sa balikat ko.

“Hayaan mo sila! Na-miss lang kita”

Napatingin ako sa kanya.

Ginamit na naman niya yung malambing na boses niya.

Nakapikit pala siya.

Na-miss? Eh wala pa kayang isang oras kaming hindi magkasama.

“Wala pa kayang isang oras tayong hindi magkasama”

“Kahit pa, ayokong palampasin ang oras na hindi kita kasama”

>.<”

He really is a Banat Machine.

Wala nang lumalabas sa bibig kundi banat-banat-banat!

Hindi naman sa ayaw ko pero, Ihhhh nakakakilig kaya ng sobra! Like duh!~

“Atsaka malamig oh! Kailangan ko ng pampainit”

Nagulat ako kasi nag-iba yung boses niya.

Parang nang-aakit.

Hoy lalaking banatero, tigilan mo ko!! Baka hindi ako makapagtigil.

Hinigpitan niya yung yakap niya sakín.

“Hoy! Captain! May gabi pa mamaya niyo na ipagpatuloy yan ng prinsesa mo”, Vice Cap.

Pinalo ni Vice Cap si Dan nang malakas saka tumawa.

“Hoy! Tigilan mo nga yang dalawa ha? Wag mo silang isturbuhin”, pagsusungit ni Eris kay Vice Cap.

“Babe naman, galit ka na naman? Ano bang ginawa ko?”

“Ewan ko sa’yo!”

Umalis si Eris na hinabol naman ni Vice Cap.

Nagtawanan naman ang lahat dahil sa reaksyon ni Vice Cap.

Ngayon ko lang napagtanto, Vice Cap ang tawag ko sa kanya kasi hindi ko alam ang pangalan niya.

“Dan, anong pangalan ni Vice Cap?”

Napamulat naman siya nang tanungin ko siya.

“Bakit mo tinatanong?”, may pagbabanta ang tingin at pagsasalita niya.

Bakit naman? Tinatanong ko lang naman yung pangalan nung tao eh.

“Kilala ko na silang lahat, siya na lag ang hindi pa kaya po tinatanong ko. Okay na po ba?”

Pumikit ulit siya.

“Hindi mo na kailangan tandaan ang pangalan nila, di ba sabi ko sayo Dan lang ang tandaan mo dahil yan ang pangalan ng taong makakasama mo habang buhay”

“Ihhh!! Ano nga kasi?”

“Louie”

“Ahhh.. Louie”, tyumungo-tungo naman ako na parang naka-gets ng isang lesson.

“Sinabi ko na sa’yo kaya kalimutan mo na ulit, wag mong tandaan”

Hahahaha! He’s so funny when he is Jelly.

Nang maramdaman ko naman na medyo hindi na mahigpit ang yakap niya ay tinake ko nay un bilang chance na makawala.

Tinanggal ko nang biglaan ang yakap niya at tumayo saka lumayo sa kanya.

“Tara na.. Kumain na muna tayo..”, ako habang patuloy na nalayo sakanya.

Tumingin naman siya sakin with pouty lips *3*

Hahaha! Nakakatuwa siya para siyang nalugi sa expression ng mukha niya.

“Wag kang magpapahuli... Sakin!!”, bigla siyang tumakbo papunta sakin.

Kaya naman tumakbo rin ako.

Bahala ka, kung may isa pa kong maipagmamalaki yun ay ang mabilis kong takbo.

Naghabulan kami hanggang sa makarating kami kung saan nakain ang lahat.

Katulad ng inaasahan, hindi ako naabutan ng loko.

Kumain naman kami ng sabay-sabay, medyo late lang kaming dalawa na dumating gawa nga ni Dan.

Ang kinakainan naming ay parang isang malaking kubo tapos sa gitna ay may mahabang table kung san nakalagay ang mga pagkain, siyempre katabi ko pa rin si Dan pero parang nagtampo dahil sa pagtakbo ko sa kanya.

Duh!~ gutom na po kaya ako! Dahil ang ginawa ata namin buong maghapon ay walkathon.

Natapos naman kaming kumain.

At ako? Nandito ngayon sa tabi ng beach.

Hindi ko alam kung bakit ako napunta dito eh, basta dinala ako ng mga paa ko dito.

Ang ganda dito sa beach na to, punong-puno ito ng white sand at may paunti-unting mga bato.

Tapos ramdam mo yung lamig na dala ng beach sinamahan pa ng lamig ng gabi.

Samahan pa nang buwan na nagbibigay liwanag dito sa beach.

Perfect!

“A-anong ginagawa mo dito?”

Nagulat ako nang magsalita siya, pero kahit hindi ako tumingin isang tao lang ang may boses na sing lambing ng kahit anong love song.

“Hmmm.. wala! Dinala ako ng mga paa ko dito eh, ikaw? Anong ginagawa mo dito? Di ba nagkakasiyahan kayo dun, bat ka umalis?”, hindi pa rin ako nakatingin sa kanya dahil nasa beach pa rin ang pokus ng mga mata ko.

“Mas gusto kong pumunta sa lugar kung nasan ka!”

Napangiti na naman ako sa sinabi niya.

Naramdaman kong pumunta siya sa likod ko.

At nabigla ako ng may isang bagay na hinarap siya sa mukha ko.

“Ano yan?”, napatingin na ko sa kanya.

“hMmmm”, napakamot siya sa batok niya “A-ano nakita ko kanina nung nagpunta kami sa bayan tapos naisip ko na bagay sayo kaya binili ko. May I?”

Tumungo naman ako bilang tugon.

Nilagay niya sa leeg ko ang necklace na kanina ay hinarap niya sakin.

Nang maikabit niya ito ay hinawakan ko ito at tiningnan, ang ganda niya para siyang iba’t-ibang pearl medyo out nga lang siya sa style ko.

Umupo naman siya katabi ko at tumingin din sa beach.

Pinikit ko ang mata ko at huminga ako ng malalim.

Biglang humangin nang malakas kaya naman nanginig ako sa sobrang lamig.

Nagpalit na rin kasi ako ng damit na pinahiram ni Eris, kaso medyo manipis pero ayos na rin.

May biglang pumatong sa katawan ko.

“Isuot mo, baka magkasakit ka kapag sobrang nipis ng suot mo”

Nilagay niya yung jacket na suot niya sakin. Sinuot ko naman.

Akala ko uupo na siya ulit pero bigla siyang humiga at hinila ako kaya napahiga rin ako.

“Let’s stay like this”

Sinabi niya yun kaya naman hindi na ko nagtangkang kumawala.

Nakapatong yung ulo ko sa balikat niya.

“You know what, Thank you!”, hindi ko alam pero sa lahat ng salita yun ang gusto kong sabihin sa kanya.

“Para san?”

“Para sa lahat, I think!”

“Sa lahat? Kahit na napagod ka?”

“Oo, sa loob ng isang araw napagod ako pero yung mga nangyari ngayong araw at napuntahan ko, lahat ng yun dahil sa’yo kaya salamat!”

“So kailangan ko pala ng reward?”

“Reward?”

“Oo, wala nang libre ngayon sa mundo no!”

“Ano namang reward ang gusto mo?”

Nilagay naman niya ang ulo niya sa balikat ko at inamoy ang leeg ko.

Ah! Nakakakiliti kaya.

“Ikaw, maybe?”

Alam ko sa tono ng boses niya na seryoso siya sa sinasabi niya.

Nilayo ko ang ulo niya sa balikat ko.

“Sorry pero...”

“I know, sorry rin sa sinabi ko... Kalimutan mo na lang”

Umupo siya kaya umupo na rin ako.

Parehas na kaming nakaupo ngayon at nakatingin sa beach.

“Pero may isa kong na kayang ibigay sa’yo”

Agad naman siyang lumingon sakín saka ko kinapitan ang harap ng damit niya gamit ang dalawa kong kamay, nilapit ko siya sakín.

At HINALIKAN ko siya pero ngayon hindi na smack kasi matagal na ang halik na ito.

Nang maka-recover siya sa pagkagulat ay nagrespond na rin siya sa halik ko.

Tumagal ang halik namin.

Nang maubusan kami nang hangin ay saka lang namin pinakawalan ang labi ng isa’t-isa.

“Para san... haaa... yun?”, tanong niya nang hinihinal pa.

“Reward... haaa... mo, I guess?” sagot ko naman.

Natahimik kami matapos ang pangyayaring yun.

“Dan?”, binasag ko ang katahimikang namamagitan saming dalawa.

“hmmm?”

Parehas kaming hindi nakatingin sa isa’t-isa.

“Alam mo ayaw kong malaman ng mga kaibigan ko na break na kami ni Chiron. Ayaw ko ring makitang umiiyak sa harap ng iba”

“Bakit naman?”

“Kasi ayaw kong maging mahina sa mata ng iba. Pero nung nakita mo kong umiiyak sa field, parang mas naging matapang ata ako”, niyakap ko yung dalawa kong tuhod.

“Mas maganda kung pinapakita mo sa kanila na naiyak ka, na nasasaktan ka rin kasi dun ka nakakakuha ng courage na harapin yung ayaw mong harapin. At para naman kaya ka nilang suportahan, di ba kaya ka nga may kaibigan para may sumuporta sayo?”

Tama siya!

“May tanong ako, Bakit mo ko nilapitan nang makita mo ko kanina sa tapat ng field habang naiyak ako?”

“Bakit nga ba? Hindi ko alam! Pero naranasan mo na ba yung gumawa ka ng isang bagay na hindi mo alam kung bakit mo ginawa tapos mare-realize mo na lang sa huli na mabuti palang ginawa mo yung bagay na yun kasi kung hindi mo ginawa yun, hindi ka makakaranas ng sobrang saya katulad ng nararamdaman mo ngayon”, nabigla ako ng ilapit niya ulit ang ulo niya sa mukha ko at handa na akong halikan.

“Nakakarami ka na ah”, inilayo ko ang mukha niya gamit ang kamay ko.

Tumayo na ako, kailangan ko nang umalis.

Hindi pa rin siya natayo.

Huminga ako ng malalim at pumikit.

Nag-bend ng at *tsup*

“Salamat! Tatandaan ko ang pangalan mo, Daniels”

Binigay ko ang huling halik niya atsaka ako naglakad paalis.

Nagpaalam din ako sa lahat ng ka-team niya at sa mga girlfriends nila.

Nandito na ang sundo ko. Kanina ko pa tinawagan yung driver ko at sabi niya alam niya ang lugar na to kaya naman susunduin na lang niya ko.

Binuksan ko na yung pinto ng sasakyan.

Sa huling pagkakataon, tumingin ako sa resort kung saan nandoon ang mga nagsasaya niyang mga ka-team.

At napabaling ang atensyon ko sa tabi ng beach kung san ko siya iniwan.

Nandoon pa rin siya't nakaupo.

Hinawakan ko ang binigay niyang kwintas.

Bye Dan! Salamat sa isang araw na binigay mo.

Sa isang araw na yun marami akong naranasan sa tulong mo.

Hindi ko alam kung kailan ang muli nating pagkikita.

Pumasok na ko sa kotse at sinara ang pinto.

Daniels Stanley. Until our next meeting.

Umandar na ang kotse.

“Miss sa bahay niyo na po ba?”

“Opo manong”

Biglang may luhang pumatak sa mata ko.

Tears of joy or tears of sadness.

Hindi ko alam kung alin sa dalawa.

But I know, it's a tears just for him.

“Hoy! Babaeng dikya!! At saan ka naman galing?”, si Chloe sabay tapik sakín.

“Aray! Masakit ah!”

“At sino ang kasama mo nung isang linggo?”, sabi naman ni Kyle na masama ang tingin sakin.

Bakit? Sino ba ang kasama ko nung isang linggo?

“Oo nga! Oo nga! Sino yung HI-NA-LI-KAN mo sa laban nang basketball, at hindi po ba kalaban yun nang BOY-FRIEND mo? Bakit nasa kabilang team ka?”

“NANDON KAYO?! NAKITA NIYO?!” o.O”

Tumungo-tungo naman ang dalawa.

CHEESE AND HAMBURGER naman oh!!

Nakita nila nung hinalikan ko si Dan.

“Akala namin kaya wala ka nang araw na yun kasi susuportahan mo yung boyfriend mo kaya pumunta rin kami, pero bakit nasa kabilang team ka pa at hinalikan mo pa yung Captain nila? Ha? Ha?”, pangungulit naman ni Chloe.

“Boyfriend?”

“Si Chiron!, di ba boyfriend mo si Chiron?”, Kyle.

“Nope! Matagal na kaming break!”

“WHAT?!”, sigaw ng dalawa.

“Yes, hindi na kami ni Chiron”

Dati ayaw kong sabihin sa kanila na break na kami ni Chiron at ayokong magpakitang naiyak kasi ayaw kong maging mahina sa harap ng iba pero simula nung makita ako ni Dan na naiyak sa field at makasama ko siya. I found my courage para sabihin sa kanila na ‘YES! Hindi na kami ni Chiron’.

May natutunan ako sa pagkakakilala namin ni Dan, ‘paano ka magiging malakas kung hindi mo kayang ipakita sa iba ang kahinaan mo’.

Nagpasok na ulit ako sa school namin.

One week din kasi akong hindi nakapasok kasi nagkasakit ako. Siguro nalamigan nung nasa tabi ako ng beach. Pero ayos na ulit ako ngayon!

Pinasok ko na lahat ng gamit sa bag ko nang makita ko yung isa kong libro.

Binuklat ko ito, inipit ko dito yung bulaklak na nilagay ni Dan sa tenga ko nung nasa Glass House kami.

At nakita ko rin sa loob ng bag ko yung jacket na pinahiram niya sakín nung nasa tabi kami ng beach.

Pinasok ko na ulit yung libro.

Lumabas na ko ng room namin.

Nang nasa corridor na ako ay hindi ko inaasahang makakasalubong ko pala siya, si Chiron.

Kasama niya yung mga kausap niya datii na bumastos sakín.

Pumikit ako at huminga ng malalim, hinawakan ko yung kwintas na bigay ni Dan.

Yes! Kahit out of fashion to, sinusuot ko pa rin dahil bigay niya to.

Naglakad na ako.

Nang malapit na kami sa isa't-isa ni Chiron...

“Hi... Chiron! Good Morning”, nginitian ko siya.

Nagulat siya sa ginawa ko pati na rin ang mga dating kausap niya na bumastos sakín.

Nilampasan ko na siya pero bigla niyang hinawakan ang kamay ko na agad ko namang tinanggal.

“S-sorry dun sa inasta ko sa laban nung isang linggo, hindi ko dapat yun ginawa”

“Ayos lang, nangyari na eh! Sige may pupuntahan pa ko”

Tumalikod na ko.

“CLAIRE! Kaano-ano mo yung lalaking kasama mo?”

Nilingon ko siya at...

“He’s my SAVIOR!”

Nag-flip ako ng hair ko at naglakad na ulit.

I’m back.

Claire is back.

AUTHOR'S NOTE:

Gusto ko po munang magpasalamat sa lahat ng taong nag-iintay talaga sa bawat story na ginagawa ko. Yung tipong nagp-PM or post pa po talaga sila at tinatanong kung ano o kailan lalabas ang bago kong story! I'm so glad! Promise! Hindi niyo malalaman kung gaano ako kasaya sa bawat comment or message niyo! Isang malaking PASASALAMAT mula sa puso ko.

Tapos ito naman pong stoy ni Claire, 3 araw ko lang po siyang pinaghandaan. Hindi ko po yan binasta-basta kaya wag po kayong mag-alala, talagang ewan kop o baka na-inspire ako kaya natapos ko ng maaga. Dati kasi umaabot ng 2 buwan ang story ko pero sabagay One Shot lang naman po yung story ni Claire eh. Sa mga nagbasa nap o nito at sa mga magbabasa pa lang sana po ay nagustuhan niyo siya.

Sa mga nagtataka nga po pala kung bakit hanggang ngayon ay hindi ko pa ginagawan ng story si Fane, sorry po pero hanggang ngayon po ay HIATUS ito kasi po wala pa po talaga akong idea about sa pwedeng story niya. Pero don't'ya worry po ipagpapatuloy ko naman po siya KUNG magkakaroon ako ng bagong idea.

May good news naman po ako sa inyo, at yun ay dahil 3 na po ang natapos kong side story, sisimulan ko na po ang Book II ng My Double Prince at siyempre kasama na rin po dito ang Book II ng story ni Chad, Kyle, at siyempre Si Claire. Hindi ko lang po talaga alam kung kailan at hindi ko pa po alam ang title kaya wag niyo po muna akong tanungin. Hahahaha (^,^).

.....THAT'S ALL! THANK YOU.....